Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING DALAWANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-28 NG MARSO, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.**

**Mga Dumalo:**

1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO - Pang. Punong-lungsod, Namuno
2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
5. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
6. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
7. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
8. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
9. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
10. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad
11. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad
12. Kgg. AIZEL B. ALIPON - Kagawad

**Di-Dumalo:**

1. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad

****************

## KAPASIYAHAN BLG. 79–2006

(Sa mungkahi ni Kgg. De Guzman na pinangalawahan nina Kgg. Carta at Kgg. Gomez)

**ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG LUNGSOD SA LAHAT NG DAAN (ROAD LOTS), BAKANTENG LOTE (OPEN SPACE) NG MERCADO VILLAGE SUBDIVISION NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PULONG SANTA CRUZ, LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA.**

YAYAMANG, ang Santa Rosa Mercado Village Homeowners Association ay naghain ng kahilingan na maipagkaloob na sa pamahalaang lungsod ang lahat ng daan (road lots), bakanteng lote (open space) sa itinatadhana ng Presidential Decree No. 1216;

YAYAMANG, matapos ang pagsusuri sa mga dokumentong isinulit ay napagtantong ang lahat ng kinakailangang "*requirements*" ay naisulit ng humihiling;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
**CITY OF SANTA ROSA**
Province of Laguna

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa pagtanggap ng pamahalaang lungsod sa lahat ng daan (road lots), bakanteng lote (open space) ng Mercado Village Subdivision na matatagpuan sa Barangay Pulong Santa Cruz, Lungsod ng Santa Rosa, Laguna.

IPINASIYA DIN, ang pagtanggap ay magkakabisa lamang sa sandaling mabayaran ng humihiling ang lahat ng buwis at iba pang nararapat na butaw hanggang sa sandali o petsa ng paglagda sa Deed of Donation.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

**JOSE B. CATINDIG, Jr.**
Punong-lungsod

**PATOTOO:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-12 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Marso, 2006.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Kalihim Panlungsod